Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
REHIYON XI
Sangay ng Lungsod ng Dabaw
Lungsod ng Dabaw

STA. ANA NATIONAL HIGH SCHOOL
FILIPINO DEPARTMENT

NAME: **May Ann A. Hornido** **DIVISION:** **DAVAO CITY**

SCHOOL: **STA. ANA NATIONAL HIGH SCHOOL** **DATE:** **Pebrero 25, 2026/**

5:55- 7:25 ng hapon

Banghay Aralin sa Pagtuturo
ng Asignaturang Filipino
Grado -10 El Filibusterismo
Kabanata 2: Sa Ilalim ng Kubyerta

I. LAYUNIN	
A. PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	**Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa:** Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa nobelang El Filibusterismo bilang salamin ng kalagayang panlipunan.
B. PAMANTAYAN SA PAGGANAP	**Ang mga mag-aaral ay:** Naisasaad ang pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang pangyayari sa kasalukuyan (F10PB-IVh-i92).
C. KASANAYANG PAMPAGKATUTO (MELC)	Naiuugnay sa kasalukuyang mga pangyayaring napanood sa video clip ang pangyayari sa panahon ng pagkasulat ng akda **(F10PD-IVb-c-82).** Pagkatapos ng takdang oras, inaasahan ang mga mag-aaral na: 1. Naipapahayag ang kalagayan / sitwasyon ng mga tauhan 2. Nailalarawan ang ang emosyon ng mga taong nasa ibabang bahagi ng bapor 3. Nakakagawa ng isang repleksyon patungkol sa nabasang akda na bahagi ng EL Filibusterismo particular sa kabanata 2.
II. NILALAMAN	
A. PAKSANG ARALIN	**EL FILIBUSTERISMO “Sa Ilalim ng Kubyerta”**

B. TINAKDANG ORAS	Isa't kalahating oras (1 ½ Hour)
C. KAGAMITAN	Laptop, Activity Handouts, pentel pen, manila paper , etc.
D. SANGGUNIAN	EL FILIBUSTERISMO (Sa Bagong Pananaw) - Corazon G. Magbaleta at Cid ALcarez Online Resources - Animated Filipino Classics
III. PAMAMARAAN	
A. PAGHAHANDA	> Pagdarasal > Pagbati > Pagtatala
B. PAGBABALIK – ARAL	"Isang Salita, Isang Kaisipan" Panuto: Sa isang pirasong papel, sumulat ng isang salita na naglalarawan sa kalagayan ng lipunan na ipinapakita sa ibabaw ng kubyerta. Pagkatapos ay ibigay ito sa guro at kukuha ng random ang guro at ang mabubunot na papel ay siyang magbabahagi ng kanilang sinulat.
C. PAGGANYAK	**Patay- Sindi** **Panuto: Papatayin o hihinaan ng guro ang ilaw ng silid aralan, magpapatugtog ng mahinang tunog ng alon o ugong ng makina gamit ang isang spiker.** **Sasabihin ng mga guro ang katagang …** **Isipin na kayo ay naka pwesto sa isang masikip na espasyo, ang hangin ay mabigat, tila ayaw pumasok sa inyong mga baga. Mainit na nasusulasok at ang dilim ay parang kumakapit sa inyong balat.** **Walang bintana** **Walang liwanag** **Walang Katiyakan kung kalian giginhawa** **Naririnig ninyo ang mga yabag at tawanan mula sa itaas, magaan, masaya, at tila walang iniintinding pasanin. Doon sa itaas ay may hangin, may ilaw, may espasyo. Doon sa itaas… may pribilehiyo** **Ngunit kayo, naririto sa ibaba, pinagkaitan ng liwanag, pinagkaitan ng ginhawa, at tila ba…nakalimutan**

	Habang pawis ay tumutulo at ang dibdib ay sumisikip, unti-unting sumasagi sa isip ninyo ang mga tanong: **Bakit sila nandoon?** **Bakit tayo narito?** **May pag-asa pa bang makaakyat?** **O dito na lamang ba tayo ay mananatili?** **Ngayon, sandaling ipikit ang inyong mga mata.** **Ano ang bumabalot sa inyong puso?** **Galit ba?** **Panghihinayang?** **Inggit?** **Takot?** **O isang tahimik ngunit naglalagablab na pagnanais makawala?**
IV. PROSESO NG PAGKATUTO	
A. Alamin	Suriin at panoorin ng maigi ang video clip. a. Think: Bibigyan ang mga mag-aaral ng 2-3 minuto para mag-isip tungkol sa mga tanong. b. Pair: Pagpartnirin ang mga mag-aaral upang magbahagi ngg kanilang mga naisip c. Share: Tatawag ang guro ng ilang pares upang magbahagi sa klase. Gabay na tanong? 1. Sino-sino ang mga tauhang nag-uusap sa ilalim ng kubeyerta at ano ang paksa ng kanilang diskusyon (think-pair- share) 2. Kung ikaw ay kabilang sa nasa ibabang bahagi ng bapor , ano ang iyong mararamdaman? 3. Ano ang maaaring maramdaman ng mga nasa itaas? May pakialam kaya sila sa nasa ibaba?

	4. Makatarungan baa ng ganitong sitwasyon? 5. Ano ang sinisimbolo ng ilalim ng kubyerta kumpara sa itaas ng kubyerta sa konteksto ng lipunan noong panahon ng kastila?
B. Paunlarin **C. Pagnilayan**	**“Usig ng katotohanan”** **Panuto: Hahatiin ang klase sa 4 na pangkat, magkakaroon ng maikling pagsasadula ang bawat pangkat.** **Pangkat 1: Mga nasa Itaas:** **Susuriin ang katangian, kapangyarihan, at pananaw ng mga tauhang nasa itaas ng kubyerta** **Tagpo:** *Nasa itaas ng kubyerta ang mga makapangyarihang tauhan. Maririnig sa malayo ang ingay mula sa ibaba.* Tagapagsalaysay: Sa itaas ng kubyerta, naroon ang mga taong may kapangyarihan—mayayaman, makapangyarihan, at may impluwensya sa pamahalaan. Habang ang nasa ibaba ay nakikipagsiksikan, dito nama’y payapang nag-uusap ang mga namumuno. Kapitan Heneral: (mahigpit ang tinig) Ano ang balita sa ibaba? Bakit tila hindi mapakali ang mga tao? Ben Zayb: (nakangisi habang may hawak na papel) Wala pong dapat ikabahala, Kagalang-galang. Kung may kaunting reklamo man, maaari natin itong ilahad sa pahayagan bilang patunay ng kanilang katamaran. Don Custodio: (nag-aayos ng damit)

Tama! Ang mga Indio ay likas na reklamadór. Kailangan lamang nila ng wastong paggabay—at siyempre, ang aking payo.

Padre Salvi:

(malamig ang boses)
Ang anumang kaguluhan ay bunga ng kakulangan sa pananampalataya. Kung sila'y susunod lamang sa simbahan, mananatili ang kaayusan.

Simoun:

(nakatingin sa malayo, may ngiting lihim)
Kaayusan? O katahimikan lamang upang manatili ang inyong kapangyarihan?

Kapitan Heneral:

(umiigting ang tono)
Ano ang ibig mong ipahiwatig, Simoun?

Simoun:

Wala po, mahal na Heneral. Isa lamang akong tagamasid. Ngunit napapansin kong habang tayo'y komportable rito, ang nasa ibaba'y tila unti-unting nagigising.

Don Custodio:

Nagigising? Sa ano? Hindi nila kayang mag-isip para sa kanilang sarili!

Ben Zayb:

Kung sakali man pong may pag-aalsa, maaari ko namang isulat na ito'y gawa-gawa lamang ng ilang pasaway.

Padre Salvi:

Ang mahalaga'y mapanatili ang ating impluwensya. Ang

kapangyarihan ay dapat manatili sa kamay ng karapat-dapat.

Simoun:

(marahas ngunit kontrolado ang tinig)
At sino ang nagtakda kung sino ang karapat-dapat?

(Sandaling katahimikan)

Simoun:

(mahina ngunit matalim)
Ang kapangyarihan ay hindi panghabambuhay, Kagalang-galang. Kapag ang nasa ibaba'y tuluyang nagkaisa, kahit ang pinakamataas na kubyerta ay maaaring yumanig.

Tagapagsalaysay:

Sa itaas ng kubyerta, patuloy ang pag-uusap—puno ng kumpiyansa at kapangyarihan. Ngunit sa ilalim ng katahimikan, may unos na maaaring sumiklab anumang oras.

(Dahan-dahang magdidilim ang ilaw.)

Pangkat 2- Mga nasa Ibaba:
Susuriin ang kalagayan, damdamin, at karanasan ng mga tauhang nasa ibaba

(Mahinang tunog ng alon. Nakaupo si Basilio sa isang sulok, tahimik at nag-iisip. Si Isagani ay nakatayo at nakatanaw sa maliit na bintana.)

Mang Kardo: (Mainit ang ulo)
Aba;y tila yata hindi tao ang turing sa atin dito? Napakasikip! Samantalang doon sa itaas, presko ang hangin!

Isagani: (Mapait ang ngiti)
Ganyan talaga, Mang Kardo. Ang nasa itaas, sila ang may kapangyarihan. Tayong nasa ibaba… tila mga anino lamang.

Basilio: (Mahina ngunit matatag)
Hindi habang panahon ay nasa ibaba tayo. May hangganan din ang lahat.

	(Papasok si Kabesang Tales, mabigat ang mukha. Kasunod si Tandang Selo na tila walang imik.) **Isagani**: Kabesang Tales, tila mabigat ang iyong dinadala **Kabesang tales:** (Puno ng galit) Inagaw ang aking lupa! Pinaghirapan ko iyon! Ngunit dahil wala akong laban sa may kapangyarihan, ako'y itinuring na walang halaga. **Mang Kardo**: Ganyan ang buhay natin. Kapag Mahirap, laging api. **Basilio**: Ngunit hindi ba't may paraan upang baguhin ang kalagayan? **Isagani**: Edukasyon... at pagkakaisa. Kung tayo'y mananatiling tahimik, mananatili rin tayong nasa ibaba. **Kabesang Tales:** Kung ang hustisyay hindi makamtan sa mahinahon, baka sa ibang paraan ito makuha... **Basilio:** (Agad na sumagot) Ngunit ang dahas ay maaaring magdulot ng mas malaking sugat. **Isagani**: Ang tunay na pagbabago ay nagsisimula sa kamalayan. (Sandaling katahimikan. Naririnig ang yabag mula sa itaas ng kubyerta.) **Mang Kardo**: Narinig ninyo iyon? Masaya sila roon... samantalang tayo rito;y nagtitiis. **Basilio:** Isang araw... hindi na hahahatiin ang kubyerta ang tao sa itaas at ibaba. (Isisigaw ni Isagani) **Isagani**: Isang araw, magiging pantay ang lahat. (Uniti- unting hihina ang ilaw. Magtatapos sa pagtingin ng mga tauhan.) **Pangkat3- Tagamasid ng Lipunan:** **Ihahambing ang dalawang grupo at tutukuyin ang mensaheng nais ipahiwatig ng may-akda.**

Pangkat 4- Makabagong Ugnayan:
Iuugnay ang sitwasyon sa kasalukuyang lipunan (Hal. Mayayaman at mahihirap, may kapangyarihan at walang boses).

Pamantayan	4 (Napakahusay)	3 (Mahusay)	2 (Katamtaman)	1 (Kailangang pagbutihin	Puntos
Paggana p at emosyon (25)	Lubos na naipakita ang damdamin; natural at kapani-paniwalaang pag-arte	Malinaw ang emosyon ngunit may ilang bahagina kulang	May emosyon ngunit hindi gaaning dama	Kulang sa emosyon at hindi kapani-paniwala	25
Boses at Diskyon (20)	Malinaw, malakaw, at tama ang bigkas sa lahat ng linya	Kadalas ang malinaw ngunit may ilang bahagina mahina	Madalas mahinao hindi malinaw ang pagbigkas	Halos hindi marinigo maintindihan	20
Pag-unawasa paksa	Malalim ang pagpapakita ng pagkakaiba ng dalawang partido; malinaw ang mensahe	Naipakita ang paghahambing ngunit kulang sa lalim	May paghahambing ngunit hindi malinaw ang mensahe	Hindi malinaw ang pagkakaiba ng dalawang panig	25
Koopera	Mahusa	MAy	May	Hindi	15

syon ng grupo	**y ang teamwork; organisado at sabay-sabay**	**kaunting aberyang unit maaayos pa rin**	**ilang hindi handa o coordinated**	**organisado ang grupo**	
Kreatibidad at Presentasyon	**Malikhain sa props, blocking, at presentasyon**	**May pagsisikap sa props at ayos ng entablado**	**Simple lamang ang presentasyon**	**Halos walang paghahanda sa presentasyon**	**15**

“Salamin sa Sarili”

Panuto: Hahatiin ang klase sa limang pangkat, pagkatapos ay sasagutan ang mga tanong sa pamamagitan ng maemosyong sagot”

1. **Ngayon ay nauunawaan ko na_____.**
2. **Napagtanto ko na bilang mag-aaral, maaari kong_____.**

Pamantayan	Deskripsiyon	Puntos	Nakuhang Puntos
Kaangkupan ng Nilalaman	Angkop at makabuluhan ang mensahe	15	
Kahusayan sa Paggawa	Mapanghikayat at makapukaw-pansin ang ginawa	10	
Presentasyon / Organisasyon	Hindi masyadong organisado ang paksa at presentasyon	5	
Kabuuang Puntos		**30**	

Pamantayan sa Pagmamarka

D. Isabuhay	Mini Action Plan Panuto: Gamit ang parehong grupo sa mga naunang aktibidad ay gagawa ang bawat grupo ng isang maliit na proyekto o simpleng hakbang upang maisabuhay ang aral, halimbawa: 1. Pagbibigay ng tulong sa kaklase 2. Pagsuporta sa kakulangan ng grupo 3. Pagsulong ng katarungan sa maliit na paraan sa komunidad o paraalan.
V. TAKDANG ARALIN	
KARAGDAGANG GAWAIN/REMEDIATION	**SURING PAMPANITIKAN:** **Gumawa ng isang vlog na nagpapakita ng emosyon sa kabanatang tinalakay, siguraduhing maging kreatib sa paggawa.** **Pagmamarka** *Pamantayan* | *Deskripsyon* | *Puntos* | *Nakuhang Puntos* *Nilalaman/ Mensahe* | *Ang video ay malinaw, kumpleto, at may makabuluhan g mensahe* | *15* | *Kaugnayan sa Paksa* | *Makikita, nasa video, at malinaw ang pagpapahaya g* | *10* | *Organisasyon at Flow* | *Maganda ang daloy ng kwento o tema; madaling sundan at nauunawaan* | *5* | *Kabuuang puntos* | | |
Pagninilay: This topic, constructivism, views learners as active participants in building their own knowledge. Like existentialism, it emphasizes individual responsibility and the uniqueness of each person. Students learn best in environments that respect their differences and provide opportunities to explore, reflect, and collaborate. Such an approach fosters mental, emotional, and social growth, allowing learners to develop critical thinking, problem-solving skills, and a sense of agency in shaping their own understanding of the world.	
REMARKS:	

Ratee: **MAY ANN A. HORNIDO**
Student Teacher

Rater: **FLORDELIZ Y. VELASCO**
Guro / Filipino Department

Program Head: **RODNEY JAMES DEL CASTILLO**
Adviser Filipino 4